Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region XI
City Schools Division of Digos
Digos City

Hulyo 26, 2017

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 462 s. 2017**

**BUWAN NG WIKA 2017**

Sa Mga: Superbisor sa Filipino
Tagamasid Pampurok
Punong-guro ng mga Pampubliko sa Elementarya at Sekondarya

1.) Malugod na ipinababatid sa lahat na ang pagdaraos ng Buwan ng Wikang Pambansa 2017 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997 ay may temang *Filipino: Wikang Mapagbago.*

2.) Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3.) Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik ; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbago Karunungan.

4.) Ang lingguhang paksang nabanggit ay magsisilbing patnubay at batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang bigyang-laya ang lahat sa pagpapaplano ng programa.

5.) Hinihikayat ang lahat ng mga guro at kawani na magsuot ng Filipinong Kasuotan sa tuwing Lunes sa buong buwan ng Agosto.

6.) Ang Junior at Senior High School ay inaatasang naghanda sa pandibisyong paligsahan. Ang petsa ng paligsahan ay ipapaalam sa darating na mga araw.

Junior High School - Interpretatibong Pagbasa
Senior High School – Dagliang Talumpati

7.) Ang mahahalagang detalye kaakibat sa naturang gawain ay napapaloob sa kalakip na Regional Memorandum Blg. 058 s. 2017 at ibang pang dokumento.

...pEd Schools Division of Dig...
RELEASED 7095
Date: 26 JUL 2017 Time: 4:03 pm

8.) Ang rehistrasyon, transportasyon, accommodation at iba pang pagkakagastahan na may kaugnayan sa nasabing gawain ay manggagaling sa Lokal na pondo at iba pang mapagkukunan nito na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

9.) Inaasahan ang pakikibahagi at malawakang paagpapabatid sa Memorandum na ito sa kinauukulan.

**WINNIE E. BATOON, EdD**
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

**REGIONAL MEETING OF THE DIVISION EDUCATION PROGRAM SUPERVISORS INCHARGE OF FILIPINO AND MTB-MLE**

July 12, 2017 at Waling-Waling Hall, DepED Regional Office XI, F. Torres St., Davao City.

# PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

## KATEGORYA:

1. Dagliang Talumpati
2. Interpretatibong Pagbasa

## NG TALUMPATI

**PATNUBAY SA PAGLAHOK**

**A. Kalahok**

1.Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa Senior High School

2. Ang nararapat lumahok sa patimpalak ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino

3. Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay

**B. PANUNTUNAN**

1. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan

2. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati

3. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | |
|---|---|
| 1-30 segundo | - .5 puntos |
| 31-60 segundo | - 1 puntos |
| 61 segundo – pataas | - 2 puntos |

4. Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at bandilang pula na tapos na ang itinakdang oras.

5. "*Corporate attire*" ang inaasahang kasuotan ng kalahok

---

***Katapatan – (35%)***

- *Kaugnayan sa paksa* – 20%
- *Pagbibigay diin o damdamin* – 15%

***Hikayat – (25%)***

- *Dating sa madla* – 5%
- *Kakanyahang pantanghalan* – 5%
- *Kilos, galaw, kumpas* – 10%
- *Expresyon ng mukha* – 5%

***Tinig - (20%)***

- *Lakas* – 5%
- *Taginting* – 5%
- *Kaangkupan ng diwa at damdamin* – 10%

***Bigkas - (20%)***

- *Matatas at maliwanag* – 10%
- *Wastong pagbubukod ng*
- *Diin/himig*

---

## 2. INTERPRETATIBONG PAGBASA

(Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

---

1. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral sa Junior High School na binubuo ng isang pangkat na may apat na kasapi mula sa Baitang 7, 8, 9 at 10.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino
3. Ang bawat pangkat na kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/ tagapagsanay

---

1. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok
3. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
4. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda

---

5. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampunu minuto; susundin ang paraang ito hanggang sa huling kalahok.

6. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isang pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin .

7. Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa

8. Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at puting t-shirt

9. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama na ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok

10. Walang anumang "*props*" o kagamitan, *background music* o instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok

11. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang *adlib*

**...AYAN**

- **Katapatan – 40%**
  - Pagpapalutang ng diwa - 20%
  - Pagbibigay –diin sa damdamin - 20%
- **Hikayat – 20%**
  - Pang-akit sa madla - 5%
  - Pagbibigay buhay sa tauhan - 5%
  - Tindig - 5%
  - Kumpas/Kilos - 5%
- **Bigkas – 20%**
  - Matatas at maliwanag - 10%
  - May pagbubukod-bukod ng mga salita - 5%
  - May wastong diin at intonasyon - 5%
- **Tinig – 20%**
  - Lakas - 5%
  - Taginting - 5%
  - Kaangkupan ng diwa at damdamin - 10%

**...A.**

❖ **Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang *electronic gadgets* sa *holding area* at sa buong panahon ng pagtatanghal.**

❖ **Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa *holding area*.**

❖ **Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.**

❖ **Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.**

**KASUNDUAN: ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.**

Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
REHIYON XI
Lungsod ng Davao
Tanggapang Panrehiyon

DepED

27 Abril 2017

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 106, s. 2017

Schools Division of Da[illegible]
RECEIVED
Date: 21 APR 2017 Time: 8:00
By: [illegible]

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga: Tagapamanihalang Pansangay

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago*.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 2017;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Panganalaga sa wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino, Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Makabagong Karunungan.

4. Kalakip nito ay ang mga iba pang detalye o impormasyon.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE, CESO III
Regional Director

[illegible]

RELEASED
By: [illegible]
Date: 4/19/17 Time: ______

Republic of the Philippines
# Department of Education

20 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 58, s. 2017

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

   Komisyong sa Wikang Filipino
   Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
   San Miguel, Maynila
   Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
   Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
   Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. MUYOT**
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim